# UNIFIED SUPPLEMENTARY LEARNING MATERIALS
# Grades 5 ARTS

---

## ARALIN 6: MGA PARAAN SA PAGGAWA NG 3D CRAFTS (PAPER MACHE)


**INAASAHAN:**

A. Natutukoy ang iba't-ibang paraan sa paggawa ng paper mache jar.
B. Nasusuri at naipaghahambing ang ibat-ibang paraan sa paggawa ng paper mache jar. Napapahalagahan ang ibat-ibang paraan na maaaring gamitin sa paggawa ng paper mache jar.
C. Naipapakita ang kakayanan sa paggawa ng *paper mache*

## BALIK-TANAW

**Panuto:** Bilugan ang mga sumusunod na larawan kung ito ay kagamitan/kasangkapan sa paggawa ng Paper – Mache Jar.






## MAIKLING PAGPAPAKILALA NG ARALIN

Ang ***Papier- mache*** ay salitang Pranses na ang ibig sabihin ay nginuyang papel na gawa mula sa piraso ng mga papel o durog na papel na binuo sa pamamagitan ng glue, starch o pandikit. Ang bayan ng Paete ay kilala sa taka o paper mache na siyang pangunahing pinagkakakitaan ng mga mamamayan dito(,) pangalawa sa pag-uukit.

May dalawang paraan ang pagtataka o paper mache. Una, ang paggamit ng dinurog na papel matapos ibabad sa tubig. Ito ay hahaluan ng glue at siyang gagawing taka. Ikalawang paraan ay ang paggamit ng pinilas na mga papel at ididikit sa isang molde. At matapos mabuo ang dibuho mula sa molde ay tatanggalin ito at ididikit upang makabuo ng isang proyektong may katulad na hugis sa moldeng ginamit.

Ang tamang hakbang at paraan ng paggawa ng *paper mache* ay nararapat sundin upang matagumpay na makabuo ng *paper mache* o taka. Ang hugis ay base sa moldeng hulmahan at ang mga gagamiting papel at pandikit ay nararapat na mahusay na naihanda para mabuo ang taka.

**Suriin ang larawan ng mga kagamitang gagamitin at basahing mabuti ang mga paraan at hakbang na dapat sundin sa paggawa ng *paper mache* o taka:**



## MGA PARAAN SA PAGGAWA NG PAPER MACHE O TAKA

1. Mahalaga na ihanda ang mga kagamitan na gagamitin bago magsimula ang pagtataka.

2. Lutuin at ihanda ang pandikit na gagamitin sa pamamagitan ng paghahalo-halo ng harina at tubig at pakuluin hanggang kumulo at lumapot.

3. Kapag ang pandikit ay malamig na, ilagay ang pinilas na papel sa pandikit at idikit sa hulmahan.

4. Ipagpatuloy ang pagdirikit hanggang makuha ang hugis ng moldeng hulmahan.








5. Patutuyuin sa sikat ng araw ang taka at kapag tuyong tuyo na ay babaakin at tatanggalin sa molde at muling pagdikitin sa ugpungan.

6. Papatungang muli ng piraso ng papel ang pinag ugpungan at patutuyuin muli.

7. Kapag tuyo na ay pakikinisin sa pamamagitan ng liha o as-is.

8. Dikitan ng brown paper bilang pang pinal na hakbang.

## GAWAIN 1

**Panuto:** Lumikha ng Paper – Mache Jar gamit ang mga natutunang kasangkapan at paraan sa paggawa nito**.**

**Tukuyin at suriin ang pansining na gawain ng mga bata gamit ang rubric:**

| PAMANTAYAN | Nakasunod sa pamantayan nang higit sa inaasahan (3) | Nakasunod sa pamantayan subalit may ilang pagkukulang (2) | Hindi nakasunod sa pamantayan (1) |
|---|---|---|---|
| 1. Nakabuo ng isang orihinal na disenyo | | | |
| 2. Naipahayag ang kaisipan at damdamin sa paglikha ng disenyong gagamitin sa paggawa ng proyekto | | | |
| 3. Nagamit ng maayos ang kulay, hugis at balance sa paggawa | | | |
| 4. Malinis na naisagawa ang disenyo at naibalik sa lalagyan ang lahat ng kagamitang ginamit. | | | |

## PAG-ALAM SA MGA NATUTUHAN

1. Anu-ano ang iba't-ibang teknik o paraan sa paggawa ng paper mache jar?
2. Bakit kailangang alamin at sundin ang iba't-ibang paraan o teknik sa paggawa ng mobile?
3. Paano mapapakinabangan ang nagawang proyekto?

## SUSI SA PAGWAWASTO

**BALIK – TANAW:** Lumang Diyaryo, Bowl na paghahaluan, Tubig
**GAWAIN 1:** Ang iskor ng bata ay maaring ibase sa rubrics.
**PAG-ALAM SA NATUTUNAN:** Ang mga kasagutan at marka ay maaring ibase sa pang-unawa ng mag-aaral.

**(This is a Government Property. Not For Sale.)**